Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagbuo ng Tambalang Salita

Kakayahan: Natutukoy ang dalawang salita na bumubuo ng tambalang salita

Isulat sa patlang ang salitang maaaring itambal sa ibinigay na salita upang makabuo ng tambalang salita. Pumili mula sa mga salita sa kahon. Gamitin bilang gabay ang ibinigay na kahulugan.

pawis	urong	kapit	tabing	basag	taos
palad	kahoy	buhay	sisiw	kisap	yaman

Tambalang salita	Kahulugan
1. punong_____	halamang may mga sanga at dahon, nabubuhay nang ilang taon at may kataasan
2. ingat-_____	tagatago ng salapi at talaan ng mga gastos ng isang samahan
3. _____-dagat	dalampasigan
4. anak_____	manggagawa o magsasaka
5. _____bahay	taong nakatira sa katabi o kalapit na bahay
6. bukas-_____	palabigay
7. _____-sulong	hindi makapasya kung uurong o susulong
8. basang-_____	nakaaawa ang kalagayan
9. _____-puso	nagmumula sa tunay at taimtim na damdamin
10. _____mata	maikling sandali
11. _____-ulo	away na pisikal
12. hanap_____	paraan ng pamumuhay o gawain na pinagkakakitahan

© 2016 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagbuo ng Tambalang Salita

Kakayahan: Natutukoy ang dalawang salita na bumubuo ng tambalang salita

Isulat sa patlang ang salitang maaaring itambal sa ibinigay na salita upang makabuo ng tambalang salita. Pumili mula sa mga salita sa kahon. Gamitin bilang gabay ang ibinigay na kahulugan.

pinsala	bahay	pikit	bibig	alat	guro
hating	bayan	balat	kamay	kuwentong	lawin

Tambalang salita	**Kahulugan**
1. abot-_____	malapit nang makuha
2. balik_____	tao na umuwi sa pinagmulang bansa
3. kasam_____	kasama o katulong sa bahay
4. punong-_____	pinunong namamahala sa isang paaralan
5. _____-mata	walang pag-aalinlangan, anuman ang mangyari
6. _____gabi	kalagitnaan o ika-12 ng gabi
7. tubig-_____	tubig mula sa dagat
8. matang-_____	tao na may napakatalas na paningin
9. bayad-_____	salaping ibinabayad sa taong nasaktan
10. _____-bayan	salaysay na bahagi ng panitikang-bayan
11. _____-sibuyas	madaling masaktan ang damdamin
12. bukang-_____	madalas na sinasabi

© 2016 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagbuo ng Tambalang Salita

Kakayahan: Natutukoy ang dalawang salita na bumubuo ng tambalang salita

Isulat sa patlang ang salitang maaaring itambal sa ibinigay na salita upang makabuo ng tambalang salita. Pumili mula sa mga salita sa kahon. Gamitin bilang gabay ang ibinigay na kahulugan.

hapon	dibdib	tuyo	ugat	aralin	biglang
pawis	todo	tangi	tuko	buntong	bantay

Tambalang salita	Kahulugan
1. bukod-_____	ibang-iba
2. _____-salakay	hindi mapagtitiwalaan
3. takdang-_____	gawain pagkatapos ng klase upang makapag-aral ang mag-aaral
4. mag-isang-_____	maging mag-asawa
5. kapit-_____	napakahigpit na pagkapit
6. _____-yaman	bagong-yaman na mabilis ang pagyaman
7. bigay-_____	sa maaabot ng kakayahan
8. bagyong-_____	bagyo na puro hangin lamang at walang dalang ulan
9. amoy-_____	maasim
10. _____hininga	malalim, mahaba, at may tunog na paghinga
11. salitang-_____	pangunahing bahagi ng salita na dinudugtungan ng panlapi
12. dapit_____	oras na palubog na ang araw

© 2016 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagbuo ng Tambalang Salita

Kakayahan: Natutukoy ang dalawang salita na bumubuo ng tambalang salita

Isulat sa patlang ang salitang maaaring itambal sa ibinigay na salita upang makabuo ng tambalang salita. Pumili mula sa mga salita sa kahon. Gamitin bilang gabay ang ibinigay na kahulugan.

tanaw	dalagang	tao	tubig	buhay	huling
balat	laman	gawang	guhit	kapos	abala

Tambalang salita	**Kahulugan**
1. habang-_____	kabuuan ng buhay
2. _____kayo	pagpalit ng anyo upang hindi makilala; pagkukunwari
3. punong-_____	taong namamahala sa isang pagtitipon
4. lakas-_____	lakas na nagmumula sa paggawa
5. salung_____	tuwid na linya na nasa ilalim ng isang salita
6. _____-habilin	testamento ng isang taong malapit nang mamatay
7. _____loob	mga organo na nasa loob ng katawan
8. balik-_____	pagbabalik sa mga pangyayari sa nakaraan
9. _____-kamay	yari sa kamay at hindi gamit ang makina
10. _____-palad	inabot ng masamang karanasan; buhay na hindi maganda
11. _____-ulan	tubig na isinahod mula sa mga patak ng ulan
12. _____-bukid	babae na tagabukid

© 2016 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pagbuo ng Tambalang Salita

Mga Sagot

1. punongkahoy	1. abot-kamay	1. bukod-tangi	1. habang-buhay[3]
2. ingat-yaman	2. balikbayan	2. bantay-salakay	2. balatkayo
3. tabing-dagat	3. kasambahay	3. takdang-aralin	3. punong-abala
4. anakpawis	4. punong-guro	4. mag-isang-dibdib	4. lakas-tao
5. kapitbahay	5. pikit-mata	5. kapit-tuko	5. salungguhit
6. bukas-palad	6. hatinggabi	6. biglang-yaman	6. huling-habilin
7. urong-sulong	7. tubig-alat	7. bigay-todo	7. lamanloob
8. basang-sisiw	8. matang-lawin[1]	8. bagyong-tuyo	8. balik-tanaw
9. taos-puso	9. bayad-pinsala	9. amoy-pawis	9. gawang-kamay
10. kisapmata	10. kuwentong-bayan	10. buntonghininga	10. kapos-palad[4]
11. basag-ulo	11. balat-sibuyas	11. salitang-ugat	11. tubig-ulan
12. hanapbuhay	12. bukang-bibig[2]	12. dapithapon	12. dalagang-bukid

[1] matang-lawin o matanlawin
[2] bukang-bibig o bukambibig
[3] habang-buhay o habambuhay
[4] kapos-palad o kapuspalad

© 2016 Pia Noche